# MGA IMPORTANTENG PETSA NG ELEKSYON

**29**
na Araw Bago ang Eleksyon

Ang mga balota ay ipapakoreo sa mga aktibong rehistradong botante

**28**
na Araw Bago ang Eleksyon

Bukas ang mga Lokasyon ng Ballot Drop Box

**11**
Araw Kasama ang Araw ng Eleksyon

Maagang magbubukas ang ilang mga Vote Center

**4**
Araw Kasama ang Araw ng Eleksyon

Magbubukas ang Lahat ng mga Vote Center

## ARAW NG ELEKSYON

Ibigay ang inyong balota bago mag ika-8 ng gabi

Isang kumpletong listahan ng mga lokasyon ng Ballot Drop Box at Vote Center ay magiging available sa inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at sa **sdvote.com**

# BOSES MO. PILI MO.

# INYONG GABAY SA PAGBOTO SA COUNTY NG SAN DIEGO





**Ang Tagapagrehistro ng mga Botante**
ay ang opisyal na resource ng eleksyon sa County ng San Diego.

Pangunahin: (858) 565-5800
Toll free: (800) 696-0136
**sdvote.com**

5600 Overland Avenue, San Diego, CA 92123

@sdvote #SDVOTE

SDVOTE
COUNTY OF SAN DIEGO
REGISTRAR OF VOTERS

IPAKOREO ITO. IHULOG ITO. BUMISITA.

(800) 696-0136 | sdvote.com

# OVERVIEW

## ANO ANG VOTER'S CHOICE ACT?

Sa ilalim ng Voter's Choice Act (VCA), kayo ang pipili kung **kailan, saan,** at **paano kayo boboto**. Ang mga eleksyon ay hindi na isang-araw na kaganapan at hindi na kailangang maghintay hanggang sa Araw ng Eleksyon para bumoto.

Ang bawat aktibong rehistradong botante sa County ng San Diego ay awtomatikong makakatanggap ng isang balota sa koreo nang halos isang buwan bago ang Araw ng Eleksyon. Kapag natanggap na ninyo ang inyong balota, maaari ninyong ibalik ito:

- Sa pamamagitan ng koreo
- Sa isang lokasyon ng opisyal na Ballot Drop Box
- Sa isang Vote Center na malapit sa inyo

## BAKIT NAGBAGO?

Ang Voter's Choice Act ay idinisenyo para gawing mas convenient at accessible ang pagboto.

Noong Oktubre 2021, ang Board ng mga Superbisor ng County ng San Diego ay inaprubahan ang transisyon sa modelo ng VCA.

## ANO ANG VOTE CENTER?

Pinalitan ng mga Vote Center ang mga lugar ng botohan at nagbibigay ng mas madaming serbisyo para sa mga botante. Maaari kayong bumoto nang personal sa alinmang Vote Center sa County ng San Diego.

Ang ilang mga Vote Center ay magbubukas ng 11 araw at ang lahat ng mga lokasyon ng Vote Center ay magbubukas ng 4 na araw, kabilang ang Araw ng Eleksyon.

# MGA OPSYON SA PAGBOTO

## KOREO

- Pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong balota sa loob, at ibalik ito sa pamamagitan ng U.S. Postal Service - hindi kinakailangan ng selyo!
- Tandaan na pirmahan ang inyong sobreng pagbabalikan! Ang inyong pirma ay kailangan para ang inyong balotang pangkoreo ay mabilang.

## BALLOT DROP BOX

- Pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong balota sa loob, at ibalik ito sa alinmang lokasyon ng opisyal na Ballot Drop Box o Vote Center.

## VOTE CENTER

- Bumoto nang personal sa alinmang Vote Center sa County ng San Diego.
- Ang **Ilang** mga Vote Center ay magbubukas ng 11 araw, kabilang ang Araw ng Eleksyon. **Lahat** ng mga Vote Center ay mag-bubukas ng 4 na araw, kabilang ang araw ng Eleksyon.
- Ang ibang mga serbisyo ay available sa mga Vote Center:
  - Bumoto gamit ang isang accessible na ballot marking device
  - Makatanggap ng tulong sa pagboto, kabilang ang tulong sa maramihang wika
  - Magparehistro para makaboto or mag-update ng inyong rehistrasyon at bumoto sa parehong araw
  - Kung kayo ay nagkamali o nawala ninyo ang inyong balotang pangkoreo, sa halip ay maaari kayong bumoto sa kahit alinmang Vote Center

**Isang listahan ng mga lokasyon ng Ballot Drop Box at Vote Center ay available sa sdvote.com**

# MATUTO NANG HIGIT PA

## TULONG SA WIKA

Para makatanggap ng materyales sa eleksyon sa Chinese, Filipino, Spanish, o Vietnamese, mangyaring tumawag sa **(858) 565-5800** o toll free **(800) 696-0136**.

## ACCESSIBLE NA PAGBOTO

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay nakatuon sa pagbibigay ng mga resource para sa mga botante na may kapansanan upang makaboto nang pribado at nakapag-iisa.

Para humiling ng materyales sa pagboto na nasa accessible na pormat mangyaring tumawag sa **(858) 565-5800** o toll free **(800) 696-0136**.

## MAYROONG MGA SUHESTIYON PARA SA MGA LOKASYON NG VOTE CENTER?

Mangyaring kontakin ang mga Serbisyo ng Presinto sa **VoteCenters@sdcounty.ca.gov** o **(858) 505-7389**.

## MAGING HANDA SA PAGBOTO!

Siguraduhin na ang inyong rehistrasyon ng botante ay updated para matanggap ninyo ang inyong materyales sa pagboto sa isang napapanahong paraan.

**Kamakailang lumipat o binago ang inyong pangalan?**

Kakailanganin ninyong magparehistro muli para bumoto sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang bagong rehistrasyon ng botante.

**Hindi pa nakarehistro para makaboto o hindi sigurado?**

I-scan ang QR Code gamit ang inyong smartphone upang magparehistro para makaboto o i-check ang status ng inyong rehistrasyon ng botante.